

## Ang Himala sa Iyong Bibig

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis Techie Rodriguez, Elder-Founder, TLF

August 29, 2020

Maraming mga bagay ang nangyayari sa ating buhay na taliwas sa kagustuhan natin. Ngunit kaya nating harapin ito nang may tapang dahil binigyan tayo ng kapangyarihang bigkasin ang mga Salita ng Diyos para magkaroon ng mas mahusay na pagbabago.

### Ipinakita ni Eliseo paano binago ng Salita ng Diyos ang nakakikilabot na sitwasyon.

1. Ituon ang mga mata kay Jesus hindi sa mga pangyayari (Heb. 12:2).

- Sa pagkubkob sa Samaria, sa gitna ng matinding taggutom, napilitan silang kainin ang kanilang mga anak dahil sa kawalan nila ng pag-asa. Ang hari ng Samaria, sa matinding takot at galit sa nangyari, ay isinisi niya sa Diyos ang lahat (2Hari 6:24-33)
- Hindi na kailangang lumaban. Huwag tayong matakot o masiraan ng loob (2Cronica 20:17).

2. Binanggit niya ang mga pangako ng Diyos.

- Sinabi ni Eliseo na makabibili sila ng isang takal ng arina o 2 takal ng sebada sa halagang isang pirasong pilak (2Hari7:1).
- Huwag tanungin kung paano; alam ng Diyos kung ano ang gagawin.

3. Manalig sa Diyos.

- Sinabi ng kawani ng hari kay Eliseo, "Hindi magkakatotoo iyang sinasabi mo kahit pa buksan ni Yaweh ang durungawan ng langit" Sagot naman ni Eliseo, "Makikita mong ito'y mangyayari bukas ngunit hindi mo matitikman" (2Hari 7:2).
- "Hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa Kanya" (Heb 11:6).

4. Mangusap nang may pananampalataya.

- Mapapaalis ninyo ang bundok sa hindi pag-aalinlangan at sa pananalig na ito'y mangyayari (Mk 11:22-25).

5. Mag-ingat sa inyong mga binibigkas.

- Maniwala sa inyong puso at magpahayag sa pamamagitan ng inyong labi (Rom10:10).

- "Ang buhay at kamatayan ay sa dila nakasalalay; makikinabang ng bunga nito ang dito ay nagmamahal" (Kaw. 18:21).

6. Basahin at aralin ang Salita.

- Hindi maaaring magkamali ang Salita ng Diyos.
- Pagnilayan ang Salita ng Diyos araw-gabi (Jose 1:8).
- "Sa bigay mong kautusa'y lubos akong nalugod; iingat sa puso ko upang iyo'y di malimot" (Awit 119:16).
- Itanim sa isip ang Salita ng Diyos; ituro ito sa inyong mga anak (Deut. 6:6-9).

7. Binigyan ako ng kakayahan ng Diyos na magsalita ng may pag-asa at makita na ang mga Salitang ito ay nagkaroon ng katuparan.

- Manatiling matatag sa katotohanang itinuro maging sa salita o sa sulat (2Tes2:15).
- "Mawawala ang langit at ang lupa, ngunit ang mga salita ko'y hindi magkakabula" (Mt. 24:35).
- "Salita ko'y pakinggan mong mabuti; huwag pabayaang mawala sa paningin pagkat nagbibigay kalusuga't kalakasan ng katawan (Kawikaan 4:20-22).

Ang kapangyarihan sa paglikha ay kaparehong kapangyarihang nakita ng Samaria sa katuparan ng pahayag ni Eliseo. Ito ay parehas na kapangyarihang ipinagkatiwala ngayon sa atin, na Kanyang mga anak. Ang kapangyarihan sa pagtupad ng mga ipinangakong mga himala ng Diyos ay wala sa atin; nasa pagpapahayag ng salita ng Diyos.

**Pagninilay:** Alam mo ba paano magkaroon ng kapangyarihan ang iyong bibig?

May kapangyarihan ang nakasulat na Salita ng Diyos. Gamitin natin ito sa panalangin at sa walang patid na pagninilay. Gamitin natin itong sandata sa pakikibaka para makamtan ang tagumpay.

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz

**Na-edit at inaprobahan ni :** Sis. Vera I. Tuplano

**For more teachings:**

[www.lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials](http://www.lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials)